# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 43 BILANG 11 BASAHIN AT TALAKAYIN NOBYEMBRE 2023


EDITORYAL

## Labanan ang puting lagim ng estado!

Habang mas papalubha ang dinaranas na kahirapan at pagdurusa ng mamamayang Pilipino, mas papatindi ang paghahasik ng puting lagim ng estadong malakolonyal at malapyudal sa udyok ng imperyalismong US. Itinutulak naman nito ang mamamayang lumaban para sa kanilang kagalingan at interes at pinaaalab ang kapasyahan ng mga pambansa-demokratiko't rebolusyonaryong pwersa na ipagtagumpay ang pambansa-demokratikong rebolusyon para kamtin ang tunay na kalayaan, demokrasya at hustisya para sa pangmatagalang kapayapaan.

Gamit ang AFP-PNP-CAFGU at pasistang Anti-Terrorism Law (ATL), sistematiko at brutal na sinusupil ng estado ang malawak na mamamayan para sa makauring interes ng US at lokal na naghaharing-uri. Sa esensya, ito ay institusyunalisasyon ng karahasan o mapamilit na pwersa upang apihin at pagsamantalahan ang masang anakpawis. Ultimo nitong layunin na patahimikin at sindakin ang mamamayan, paralisahin sa takot at igupo ang kanilang mapanlabang diwa. Subalit bigo ang pasistang estado dahil ang mismong papalubhang krisis ng naghaharing sistema ang nagbubunsod ng militante at rebolusyonaryong pakikibaka na yayanig sa paghahari ng papet, pahirap at pasistang rehimeng US-Marcos II.

Sa rehiyon, nagngingitngit sa galit ang mga magsasaka at mangagawang bukid sa niyugan at palayan, ang mga magsasaka at maggagapak sa tubuhan at iba pang manggagawang pang-agrikultura. Nananawagan sila para sa ayuda at tunay na reporma sa lupa. Nilalabanan nila ang pang-aagaw ng lupa ng mga panginoong maylupa - malaking burgesya komprador (PML-MBK) para sa mga komersyal at mapanirang proyekto. Sumisigaw ang mga manggagawa para sa nakabubuhay na sahod. Lumalawak ang diskuntento hindi lamang sa hanay ng masang anakpawis kundi maging sa iba pang uri at sektor dahil sa tuluy-tuloy



**KALATAS**

*Nobyembre 2023*
*TOMO 43 BILANG 11*

*NILALAMAN*


1 *Labanan ang puting lagim ng estado!*

4 *Kabataang Makabayan: Binhi ng pag-asa, tagapagmana ng rebolusyon*

5 *Kilos Protesta: Tigil pasada ng mga tsuper laban sa jeepney phaseout, tagumpay!*

6 *Tugon ni PdG: Bakit napapanahong gunitain ang ambag at buhay ni Bonifacio para kamtin ang tunay na kalayaan at demokrasya ng bayan?*

8 *Pinakamataas na pagpupugay, iginawad kay Kasamang Josephine "Ka Sandy" Mendoza*

9 *Oslo Joint Statement ng NDFP at GRP, sinusuportahan ng mga rebolusyonaryong pwersa sa TK*

10 *Limang martir ng BHB-Mindoro, pinarangalan*

11 *Dalawang bats ng pagsasanay militar, inilunsad sa TKBalitang TO: Mga aksyong militar ngayong Marso*

11 *Mga bagong praymer mula sa NDFP-ST at KARED-TK, inilabas*

12 *Kultura: Ang iniwang talinhaga ng aking rebolusyonaryong ina*


*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details@southern_tagalog_revolutionary_portal

na pagsirit ng presyo ng pagkain, pangunahing bilihin at serbisyo na nagpapawalang-saysay sa kanilang napakababang sahod at kita.

Ang mga protesta at pakikibaka ng taumbayan ay tinutumbasan ng estado ng panunupil at panlilinlang. Sa rehiyon, mayroong 28 batalyong pangkombat ng militar at pulis na ginagamit sa mga *focused military operation* (FMO), pati na ang ilampung libong pwersang paramilitar. Tusong inilulunsad ang *retooled community support program* kakambal ng FMO ng AFP-PNP-CAFGU sa kumpas ng NTF-ELCAC. Nakaayon sa plano ng US na imperyalistang panggegera sa China ang inilulunsad na kontra-rebolusyonaryong digma ng AFP-PNP. Higit na pinaiigting ang karahasan kagaya ng laganap na *aerial bombardments* sa pamamagitan ng mga *drone, helicopter*, eroplano at iba pang kagamitang pandigma sa ilusyong wakasan ang armadong paglaban subalit nagdudulot ng malubhang pinsala sa sibilyang populasyon.

Kasabay nito ang matinding saywar at paninira sa mga progresibo at demokratikong pwersa na makikita sa anyo ng kriminalisasyon sa pampulitika at pang-ekonomyang pakikibaka ng mamamayan. Naging palasak ang panggigipit sa mga aktibista, progresibo, kritiko at oposisyon at pangre*red-tag* sa kanila upang bigyang katwiran ang pagpatay. Ganito ang nangyari sa mga biktima ng Bloody Sunday Massacre at kay Dandy Miguel, presidente ng isang unyon sa Laguna, na pinatay noong Marso 2021.

Nagpapatuloy ang puting lagim sa ilalim ni Marcos Jr., kung saan naitala sa rehiyon ang 197 kaso ng paglabag sa karapatang tao at atrosidad. Nagpakawala ang AFP-PNP ng pambobomba sa mga bayan ng Mansalay, Roxas, Bansud at Bongabong sa Oriental Mindoro; at Rizal at Calintaan sa Occidental Mindoro. Mayroon ding kaso ng bantang pambobomba sa Rodriguez, Rizal kung saan lumikas ang daang residente sa sobrang takot. Hinahalihaw ang mga komunidad upang isagawa ang mga sapilitan at paulit-ulit na pekeng pagpapasurender sa daan-daang magsasaka, manggagawang bukid at pambansang minorya. Paulit-ulit na ipinapatawag ng militar at iniimbestigahan ang mga lider ng pakikibakang bayan at iniuugnay sa rebolusyonaryong kilusan. Binabantaan, nire*red-tag* at ginigipit ang mga lider-masa at kritiko sa mga kabayanan at kalunsuran.

Kabilang sa mga kaso ang walang habas na pagpaslang ng mga berdugong militar sa magsasakang may sakit sa pag-iisip na si Maximino Digno sa Batangas at katutubong Mangyan na si Dante Yumanao. Naitala rin ang mga kaso ng arbitraryong pag-aresto at detensyon, pinakamarami sa Batangas (17). Ilan dito ang Balayan 3 at San Juan 3. Sa Mindoro, iligal na hinuli sina Mary Joyce Lizada at Arnulfo Aumentado. Dinukot, tinurtyor at ibininbin si Pedro Ambad, isang Mangyan Hanunuo. Pinakahuling iniulat ang pagdukot kay Mariano Jolongbayan, organisador ng magsasaka sa Batangas at kay Mar Silos, organisador ng mga mangingisda't magsasaka, noong Nobyembre 29 sa Brgy. Montecillo, Sariaya, Quezon.

Hindi bababa sa 19 aktibista ang sinampahan ng mga kaso gamit ang ATL. Tampok dito ang pagsasampa ng mga hindi kapani-paniwalang gawa-gawang kaso na henosidyo at *crimes against humanity* laban sa mga kabataang sina Kenneth Rementilla, Jasmin Yvette Rubia at Hailey Pecayo. Dahil walang sapat na batayan at malakas na paglaban ng mamamayan, magkakasunod na ibinasura ng mga korte nitong Nobyembre ang mga kasong isinampa sa kanila ng 59th IBPA. Liban pa rito, ginagamit din ang Batas Pambansa Bilang 880 o Public Assembly Act of 1985 para kasuhan ang mga nagpoprotesta tulad ng ginawa sa 14 aktibista ng TK na nagrali sa panahon ng SONA ni Marcos Jr.

Walang sinasanto ang bulok na estado at nilalabag pati ang karapatan ng mga bata at kababaihan. Sa nagdaang taon, may limang kaso ng panggagahasa at sekswal na pang-aabuso sa mga bata at kababaihan. Sa Oriental Mindoro, dalawang babae sa Bongabong ang ginahasa ng mga sundalo ng 203rd IBde at CAFGU noong Agosto. Para itago ang krimen at patahimikin ang isa sa mga biktima, pilit binayaran ng mga pasista ng P30,000 ang kanyang pamilya. Pinatay naman ng nag-ooperasyong militar ang batang si Kyllene Casao sa Batangas at isang menor de edad na katutubo sa Mindoro. Malinaw na krimen ito sa digma ayon sa Declaration on the Protection of Women and Children in Emergency and Armed Conflict ng United Nations General Assembly noong Disyembre 14, 1974.

Ipinagpapatuloy ng rehimeng US-Marcos II ang lansakang paglabag sa karapatan ng mga nakikidigmang pwersa *(belligerent forces)* ng PKP-BHB-NDFP. Sa rehiyon, pinatay ang *hors de combat* na si Isagani Isita noong Hulyo 30 sa Quezon, habang dinukot at pataksil na pinatay sina Jethro Isaac "Ka Pascual" Ferrer at Peter "Ka Rochie" Rivera noong Nobyembre 13 sa Mindoro. Samantala, labag sa internasyunal na makataong batas ang paglihim ng 203rd Bde sa pagkakahuli kay Sonny Rogelio, Pulang mandirigmang nasugatan sa isang engkwentro sa Bongabong, Oriental Mindoro noong Oktubre 17. Natunton na lamang siya ng mga kapamilya noong Nobyembre 2 sa AFP Medical Center sa V. Luna, Quezon City.

Subalit hindi patitinag at pagagapi ang mga progresibo, demokratiko at rebolusyonaryong pwersa. Determinado silang labanan at biguin ang puting lagim. Kapuri-puri ang ginawa ng dalawang kabataang aktibistang pangkalikasan na sina Jhed Tamano at Jonila Castro sa pagsisiwalat ng modus ng bulok at mapanupil na NTF-ELCAC. Dahil dito, lumakas ang panawagan para buwagin na ito. Tuluy-tuloy na kinukondena ang iba't ibang anyo ng paglabag sa karapatang tao at atrosidad ng rehimeng Marcos II, habang paparami ang sumusuporta para sa imbetigasyon ng International Criminal Court (ICC) sa mga kaso ng paglabag sa karapatang tao sa madugong gera kontra-iligal na droga ni Duterte.

Habang rumaragasa ang puting lagim, ikinalulugod ng rebolusyonaryong kilusan ang posibilidad ng pagbabalik ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP na ipinahihiwatig ng inilabas na nilagdaang Oslo Joint Statement. Sinusuportahan ng mamamayan at rebolusyonaryong pwersa ang pagsisikap ng NDFP. Kasabay nito, marapat na pag-ibayuhin ang mga pakikibakang masa laluna ang pagtatanggol sa karapatang tao. Dapat kundenahin ang kontra-kapayapaan na si Sara Duterte at kanilang paksyon na nagngangangawa ng mga pagtutol sa usapang pangkapayapaan.

Kasabay nito, patuloy na inilulunsad ng Bagong Hukbong Bayan ang malaganap at masinsing pakikidigmang gerilya batay sa papalawak at papalalim na baseng masa. Patuloy nitong pinalalakas ang sarili habang lumalaban. Masikhay na iminumulat, inoorganisa at pinakikilos ang masa para isulong ang rebolusyong agraryo at itayo ang mga organo ng kapangyarihang pampulitika sa kanayunan. Determinado ang buong rebolusyonaryong pwersa sa rehiyon na biguin ang kampanyang supresyon at kampanyang pagsuko at pasipikasyon sa iniaalok na amnestiya ng rehimeng US-Marcos II.

Hindi kailanman patitinag at pagugupo ang rebolusyonaryong pwersa. Pinatunayan ito ng mga rebolusyonaryong martir na sina Ka Rochie (Peter Rivera), Ka Pascual (Jethro Isaac Ferrer), Ka MC (Kure Lukmay), Ka Laura (Abegail Bartolome), Ka Adja (Jovit Almogueura) at Ka Sandy (Josephine Mendoza) na nag-alay ng kanilang panahon, talino at buhay para sa pambansa-demokratikong adhikain ng sambayanan. Kahima't may mga sandatang nabibitawan ay maraming nagpapatuloy sa kanilang sinimulan.

Sa demokratikong rebolusyong bayan dudurugin at wawasakin ang makinarya ng mapang-api, pasista-teroristang estadong malakolonyal at malapyudal. Wawakasan ang pang-aapi't pagsasamantala ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Itatatag ang demokratikong estadong bayan para kamtin ng mamamayan ang tunay na kalayaan, demokrasya, hustisya at pangmatagalang kapayapaan. K




"Tungkulin ng kabataang Pilipino na pag-aralang mabuti ang malaking kumprontasyon ng mga pwersa ng imperyalismong US at pyudalismo sa isang panig at pambansang demokrasya sa kabilang panig. Ang pag-alam sa kalikasan ng kontradiksyong ito ng mga pwersa ay pag-alam sa dinamismo at panloob na paggalaw ng ating lipunang malakolonyal at malapyudal. "

*- Talumpati sa Pagtatatag ng Kabataang Makabayan, binigkas sa YMCA Youth Forum Hall noong Nobyembre 30, 1964*

# Kabataang Makabayan: Binhi ng pag-asa, tagapagmana ng rebolusyon

Ang mga kabataang edad 15-34 ang bumubuo sa 34.4% ng populasyon o 40 milyong Pilipino (2023). Nakapaloob sila sa iba't ibang uri ng lipunan, at karaniwang napapabilang sa uri ng kanilang mga magulang na karamiha'y manggagawa o magsasaka. Taglay nila ang katalinuhan at kabukasan ng pag-iisip at nasa pinakamalakas at pinakamasiglang yugto sila ng buhay. Nakararanas din sila ng pang-aapi at pagsasamantala at may mataas na hangaring makaalpas sa kahirapan. Kung gayon, hindi maiiwasan ang kanilang pagkamulat at paghahanap ng solusyon sa landas ng rebolusyon. Ang pinakaabante sa kanilang hanay ay sumasapi sa Kabataang Makabayan (KM) at lumalahok sa demokratikong rebolusyong bayan (DRB).

**Ka Jillian, kabataang magsasaka**

Napaloob si Ka Jillian, 30, sa KM noong siya ay 17 taong gulang. Bata pa lamang ay nauunawaan niya na ang kahalagahan ng pagrerebolusyon dahil saksi siya sa paghihirap na dinaranas ng mga magsasaka sa kanilang lugar — mataas na upa sa lupa, mababang presyo ng kanilang produktong kopra at militarisasyon.

Pangkaraniwan nang nakikita ni Ka Jillian ang pagsasama-sama ng mga magsasaka para ipaglaban ang karapatan sa lupa at kabuhayan. Kaya nang mamulat, naniniwala siyang mahalagang lumahok silang mga kabataan, mga anak ng mga magsasaka, para ipaglaban ang interes ng kanilang uri, kasabay ng paggigiit ng karapatan sa edukasyon at trabaho.


Kwento ni Ka Jillian, "Sa aming lugar, ang mga nagiging iskolar ay mga anak ng panggitnang magsasaka at panginoong maylupa. Dapat lahat binibigyan ng *scholarship* laluna ang mga naghihirap na pamilya. Samantala, kahit nakapagtapos ay wala pa ring trabaho. Sayang ang mga pinag-aralan katulad halimbawa sa amin kahit may mga nakapagtapos, eh nandito pa rin sila nagkokopra."

Bilang kasapi ng KM, mapangahas na tinanggap ni Ka Jillian ang tungkulin at responsibilidad sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa mga kabataan sa kanilang lugar. Ayon sa kanya, "Noong una, kinakabahan pa ako na lumapit at makipag-usap sa kapwa ko kabataan lalo't kumikilos kami nang lihim. Subalit habang napapanday ang aking kasanayan sa pagpopropaganda, nakikita kong tinatanggap nila ang rebolusyonaryong adhikain at sumusulong ang aming paglaban. Kailangan pala ng matiyagang pagmumulat para magpakilos ng mga kabataang magsasaka."



Ilang taon nang kasapi ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) si Ka Jillian. Pagtatapos niya, "Inspirasyon ko sa paglaban ang kapwa ko kabataan."

**Ka Atticus, kabataang estudyante**




Mahigit isang taon nang kasapi ng KM si Ka Atticus, 21, mula noong mamulat at marekluta sa loob ng isang pamantasan sa Timog Katagalugan. Binabalanse niya ang oras sa pag-aaral bilang estduyante at sa pag-oorganisa ng kapwa kabataan para sa edukasyon at karapatang tao. Mahigpit nilang tinututulan ang pagkaltas sa badyet ng edukasyon, *mandatory* Reserved Officers Training Course, *campus press repression* at pagsikil sa *academic freedom* at *freedom of expression*.

Bukod sa kanilang mga panawagan sa pamantasan, tinitiyak nina Ka Atticus na laging iniuugnay ng mga kabataang estudyante ang kanilang mga isyu sa kinakaharap na problema ng lipunan kagaya ng laganap na kawalan ng trabaho, implasyon at iba pa. Pinag-aaralan nila ito at ginagamit ang mga natututunan sa pagmumulat hindi lamang sa mga kabataan kundi sa hanay ng mga manggagawa at magsasaka. Aktibo silang lumalahok sa mga pagkilos ng iba pang uri at sektor sa lipunan.

Sa paglahok ng mga kabataan tulad ni Ka Atticus sa mga pakikibaka sa loob at labas ng pamantasan ay inaatake sila ng estado. Kwento niya, "Hindi ko malilimutang karanasan ang pagsasalita sa harap ng AFP-PNP. Ipinaliwanag ko ang layunin ng aming pagkilos sa mga sundalo at pulis na nakaharang sa aming hanay. Imbes na makaramdam ng takot dahil armado sila, nag-aalab ang aking diwa dahil alam kong tama ang aming panawagan at nasa likod namin ang masa."

Para kay Ka Atticus, ang kabataan ay isang malaking balon ng lakas at enerhiya, may angking husay at talento

na dapat pakilusin para sa pagpapaunlad ng lipunan. Panawagan niya, "Sa kasalukuyang kalagayan kung saan ang sektor ng kabataan ay patuloy na sinusupil at dinadahas ng estado, dapat tayong lumaban, sumapi sa KM at lumahok sa rebolusyon."



**Ka Isko, kabataang BHB**

"Bago naging kasapi ng BHB, naging kasapi ako ng KM. Humawak ako ng sandata dahil sa mataas kong optimismo sa pagrerebolusyon at perspektibang hawanin ang daan tungo sa tagumpay." Pahayag ni Ka Isko, 29, kabataang Pulang mandirigma sa isang yunit ng BHB sa Quezon.

Bilang kabataan sa loob ng BHB, gumagampan si Ka Isko ng tungkulin sa pagpopropaganda at pag-oorganisa ng kapwa kabataan at mga magsasaka sa kanayunan. Isa siya sa mga maaasahang opisyal pampulitika ng kanilang yunit. Mahigpit siyang katuwang sa gawaing reaktibasyon at rekoberi para muling kumpunihin ang mga Ganap na Samahang Masa hanggang sa Komiteng Rebolusyonaryo sa Baryo. Kwento niya, "Sa aming pagpupursige, tagumpay naming naitayo ang KM tsapter sa antas probinsya na nagpasumpa sa higit 100 kabataan."

Mensahe ni Ka Isko sa mga kabataan, "Lagi tayong hinahamon ng panahon na kumilos para sa inaaping uri at sektor sa lipunan. Dapat tayong kumilos at maging muog ng pagbabago dahil tayo ang magmamana ng kinabukasan at magsasalin ng panibagong dugo sa rebolusyon."

Napakaraming kabataan ang buong pusong nag-alay ng kanilang panahon at buhay para sa malawak na inaapi at pinagsasamantalahang mamamayang Pilipino. Mula pa nang maitatag noong 1964, libu-libong buhay ang ipinuhunan ng mga kabataan para kamtin ang mas maaliwalas na bukas ng bayan. Hanggang ngayon, hindi matatawaran ang kanilang ambag sa pagsusulong ng DRB. K

*KILOS PROTESTA*



# Tigil pasada ng mga tsuper laban sa *jeepney phaseout*, tagumpay!

Tagumpay ang inilunsad na tigil pasada ng mga tsuper sa mga mayor na kalsada sa Cavite, Laguna at Rizal mula Nobyembre 20-22. Isinagawa ito bilang pagpapatuloy ng protesta laban sa *phaseout* ng mga *jeep* sa balangkas ng kontra-mamamayang PUV Modernization Program (PUVMP).

Noong Nobyembre 20 ng umaga, paralisado ang 60-70% ng byahe sa Cainta Crossing, *circumferential road*—Antipolo, Taytay, Tikling to Tanay at Cogeo sa probinsya ng Rizal. Sa Laguna, nasa 90-95% ang mga lumahok na tsuper sa mga rutang Calamba Crossing *to* Cabuyao, *to* Santa Rosa, *to* Biñan, at Calamba Crossing *to* San Pedro. Pati 70% ng namamasada sa rutang Calamba - Tanauan ay nagtigil ng byahe. Inulat din ang tigil-pasada sa mga rutang Kalinisan, Paliparan at Silang-Bulihan sa Cavite.

Sa suma ng tatlong araw na tigil pasada, naparalisa mula 60-70% ang mga mayor na ruta ng *jeep* sa Rizal, 80% sa Cavite, habang nasustine ng mga rutang Calamba-San Pedro ang mula 80-100% na pagpapatigil, habang 70% sa Calamba-Tanauan.

Pinaralisa ng mga tsuper ang byahe at nagtayo rin sila ng *choke points* upang irehistro ang kanilang mariing pagtutol sa PUVMP. Nagsagawa rin ng talakayan sa mga terminal at nag-ikot ang mga tim sa propaganda sa Laguna at Cavite. Matatandaang itinakda ang *deadline* ng *franchise consolidation* ng PUVMP sa parating na Disyembre 31, 2023. Ang hindi papaloob sa mga kinonsolidang prangkisa ay mawawalan ng prangkisa at 'di na pahihintulutang pumasada.

"Malinaw sa karanasan na marami sa mga nauna nang nag-*consolidate*, nag-koop, o nagpalamon sa korporasyon na walang gumiginhawang tsuper at *operator* sa PUVMP, kundi nabaon lang lalo sa mga utang at tanging mga mayayamang negosyante at mga korap sa gobyerno ang gumiginhawa rito," ayon sa pahayag ng STARTER-PISTON.

Bigo ang mga ahente ng estado na pigilan ang kilos-protesta ng mga tsuper. Sa Laguna, sinundan ng mga militar ang nagrorondang tim sa propaganda. May dalang *sound system* ang mga pasista upang tabunan ang mga panawagan at anunsyo hinggil sa tigil-pasada at PUVMP. Sa tamang pagdiskarte sa ruta ay nakapagtuloy ng aktibidad ang tim sa propaganda.

Dahil hindi tinantanan ng militar, kinumpronta ang mga ito ng samahan ng mga tsuper at ibrinodkas sa *facebook live* ang kanilang paghaharap. Napilitang umalis ang mga pasista matapos ang dalawang oras. K

**TUGON** *ni* PATNUBAY DE GUIA

# Bakit napapanahong gunitain ang buhay at ambag ni Bonifacio para kamtin ang tunay na kalayaan at demokrasya ng bayan?

*"Sukat na! Papagsalitain naman natin ang sandata! Na tayo'y pag-uusiguin, mabibilango, ipatatapon, papatayin? Hindi dapat nating ipanglumo ang lahat ng ito, mabuti pa nga ang tayo'y mamatay kay sa manatili sa pagkabusabos."*

*- Mula sa pananalita ni Andres Bonifacio sa pagtatatag ng Katipunan, Hulyo 1892*

Sinisimbolo ng dakilang buhay ni Gat. Andres Bonifacio ang isang militanteng kabataang makabayan, rebolusyonaryong manggagawa at dakilang pinuno ng masang Pilipino sa kanyang panahon. Sinasagisag niya ang diwa, kapangahasan at aktibong paglahok ng karaniwang mamamayan, laluna ng masang anakpawis sa paghuhulma ng ating pambansang adhikaing lumaya sa dayuhang pang-aapi at pagsasamantala.

Ang Rebolusyong Pilipino ng 1896 na pinasimulan niya at ng Katipunan ay itinuturing na panandang bato hindi lamang sa kasaysayan ng ating bansa kundi sa iba pang bansang naghahangad ng pambansang paglaya. Sa kauna-unahang pagkakataon, binigkis nito ang mamamayan sa buong kapuluan sa isang pambansang kilusan para sa pagpapalaya laban sa dayuhang pananakop. Ito rin ang kauna-unahang pambansang rebolusyon sa Asia na inilunsad laban sa isang Kanluraning kapangyarihan. Nagbigay-inspirasyon ito sa mga sumunod na pambansang rebolusyong inilunsad sa rehiyon. Ayon kay Chen Yan De, isang Chinese *historian*, kabilang ang rebolusyong Chinese na pinangunahan ni Dr. Sun Yat Sen sa mga nabigyang inspirasyon ng rebolusyon nina Bonifacio.

Sa epektibong pamumuno ni Bonifacio at ng Katipunan, ang kauna-unahang lumang-tipo ng pambansa-demokratikong rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas, unti-unting nagapi ng Rebolusyong Pilipino ng 1896 ang kapangyarihan ng kolonyalistang Spain na mahigit tatlong daantaong sumaklot sa bansa. Itinatag nila noong Agosto 24, 1896 ang kauna-unahang rebolusyonaryong gubyerno, sa pamamagitan ng Kataastaasang Kapisanan *(National Assembly)* ng Katipunan, sa Baryo Banlat, Caloocan. Inagaw ng imperyalismong US ang tagumpay nina Bonifacio sa pagpapalayas sa Spain sa pakikipagkutsabahan ng mga palasukong ilustradong pinamunuan ni Emilio Aguinaldo.

Naging inspirasyon ni Bonifacio ang mga pambansa-demokratikong pakikibaka sa Europa at Amerika na nagpabagsak sa paghahari ng pyudalismo. Kinilala niya ang pangangailangang isulong ang armadong pakikibaka laban sa paghahari ng kolonyalistang Espanyol.

Ang kanyang rebolusyonaryong katapangan, buhay at mga sakripisyo para sa bayan ay buong-puso niyang inialay para sa mas dakilang layuning kamtin ang pambansang kalayaan at demokrasya.

Hanggang sa kasalukuyan, mahahalawan natin ng inspirasyon ang buong buhay at mga akda ni Bonifacio na tatak ng tunay at marubdob na pagmamahal sa bayan at kalayaan. Ang kawalang-kupas ng kanyang mga tula, tulad ng "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa" ay nagtutulak sa diwa ng nagpapatuloy na pakikibaka na kaniyang sinimulan.

Lagi't laging may kabuluhan ang buhay at ambag ni Bonifacio hangga't naririyan ang imperyalismo, pyudalismo, burukratang kapitalismo. Ang kasalukuyang kalagayang pambansa ay di nalalayo sa dinaranas noon ng sambayanang Pilipino. Ang mga gapos at tanikala ng pagsasamantala at pang-aalipin sa panahon ni Bonifacio ay nananatili pa rin hanggang sa kasalukuyan. Namamayani pa rin ang pyudalismo na nambubusabos sa masang magsasaka sa kanayunan. Ang kolonyalismo ng huklubang Spain na nilabanan ni Bonifacio noon ay napalitan lamang ng kolonyalismo at neokolonyalismo ng imperyalismong US sa pagkahinog ng kapitalistang sistema tungong monopolyong kapitalismo. Mula noon patuloy na nailuluklok sa tuktok ng neokolonyal at malapyudal na estado ang mga papet na nagtataguyod sa interes ng imperyalismong US hanggang sa kasalukuyan.

## SINO SI ANDRES BONIFACIO ?

Si **ANDRES BONIFACIO** ay ipinanganak noong Nobyembre 30, 1863 sa Tondo, Maynila. Nagmula siya sa maralitang pamilya. Sa edad na 14, napilitan siyang tumigil sa pag-aaral para tustusan ang kanyang mga kapatid. Mahusay siya sa yaring-kamay at ibinebenta niya ang kanyang mga likha. Namasukan din siya bilang bodegero.

Pinangunahan niya ang pagtatatag sa Kataas-taasan Kagalanggalangang Katipunan ng mga Anak ng Bayan (KKK) noong Hulyo 7, 1892 at naging Supremo nito. Sa pamumuno niya, lumawak ang kasapian ng Katipunan. Sumapi ang mga magsasaka, manggagawa at iba pang maralitang Pilipino upang palayasin ang Kolonyalismong Spain.

Pataksil siyang pinapatay ng paksyon ni Emilio Aguinaldo noong Mayo 10, 1897 sa Maragondon, Cavite. Sa kanyang pagpanaw, naiwan niya ang kanyang asawang si Gregoria de Jesus na isa ring kasapi ng Katipunan. Nauna nang namatay ang kanilang sanggol na lalaki dahil sa bulutong *(smallpox)*.

Mula sa panahon nina Bonifacio, ibayong nalublob ang bayan sa mas malalim na kumunoy ng kahirapan at pagdarahop. Sinasaid ng imperyalismo ang lahat ng rekurso ng bayan kapalit ng grabeng pandarambong sa likas na yaman at nagresulta sa pagkasira ng kalikasan, dislokasyon sa tirahan at kabuhayan ng malaking bilang ng mamamayan para patuloy na palakihin ang dambuhalang kapital at supertubo ng mga monopolyo-kapitalista. Sa kasalukuyan, nilulumpo at halos patayin na ng neoliberalismo at iba pang imperyalistang patakaran at kaayusan ang lokal na ekonomya ng mga bayang kolonya at malakolonya. Bunga nito, higit na nagdurusa ang masang manggagawa sa mala-aliping sahod at kalagayan sa hanapbuhay, sa malawakang kakulangan hanggang kawalang-hanapbuhay, maraming magsasaka ang wala o kulang sa lupa at mababa ang presyo ng produktong bukid laluna ang mga nakatuon sa eksport, mahal ang mga batayang serbisyong panlipunan tulad ng edukasyon at kalusugan, at pumapaimbulog ang presyo ng mga pangunahing bilihin.

Labis naman ang pagpapakatuta ng kasalukuyang papet na rehimeng Marcos II sa interes ng US kapalit ng garantiya sa pagkapit sa estado-poder at lubusang rehabilitasyon ng kanilang pamilya. Sa gitna ng umiinit na tensyon sa South China Sea sa pagitan ng US at China, walang pakundangan ang rehimeng US-Marcos II sa pagpapaigting ng panghihimasok-militar ng US na yumuyurak ng pambansang soberanya at kaligtasan ng bansa.

Sa banta ng gerang maaaring sumiklab sa South China Sea, lalong pinatitindi ng rehimen ang kontra-rebolusyonaryong gera sa tabing ng gera kontra-terorismo para durugin ang PKP-BHB-NDFP na siyang bumabandila ng kasalukuyang bagong tipong pambansa-demokratikong kilusan sa buong bansa. Walang pakundangang inihahambalos ang pasismo at terorismo ng estado saanmang panig ng bansa laluna sa mga lugar kung saan may malakas na paglaban ang mamamayan. Hatid nito ay kaguluhan, malaganap at lansakang paglabag sa karapatang tao, at inhustisya sa taumbayan.




***Paano nagiging inspirasyon si Bonifacio sa mga manggagawa***
*Likha ni K. Panalig*

Nananahan sa katapangan ng bawat rebolusyonaryong pwersa ang diwa ni Bonifacio. Kasama natin ang mga Bonifacio ng bagong panahon sa unahan ng paglaban ng bayan para sa pambansang kalayaan at demokrasya. Niyayakap ng mga bagong Katipuneros ang bagong-tipong rebolusyong Pilipino na may sosyalistang perspektiba at pamumuno ng uring proletaryado sa pamamagitan ng pinakaabanteng destakamento nito, ang Partido Komunista ng Pilipinas.

Marapat lamang na taglayin at gawin nating inspirasyon ang buhay, pakikibaka, ambag at mga sakripisyo ni Bonifacio at lahat ng mga tunay na bayani ng sambayanan at rebolusyong Pilipino na magiting na tumindig, lumaban hanggang magbuwis ng buhay para sa bayan. Dapat pukawin sa puso at diwa ng bawat mamamayang Pilipino ang diwang tinaglay ni Bonifacio. Dapat puspusang labanan ang mga taksil sa bayan na mga ahente ng imperyalistang US, malaking burgesyang-kumprador at uring panginoong maylupa na kahanay ng mga taksil na ilustrado tulad ni Emilio Aguinaldo. Hangga't hindi pa naglalaho ang dilim na lumambong sa bayan na nilabanan nina Bonifacio at ng mga sumunod na henerasyon ng rebolusyonaryong Pilipino, hindi titigil ang mamamayang nakikibaka sa paglaban para kamtin ang pambansang kalayaan, demokrasya at ang sosyalismo.

Maghimagsik hanggang tagumpay! K

# Pinakamataas na pagpupugay, iginawad kay Kasamang Josephine "Ka Sandy" Mendoza

Pinakamataas na pagpupugay ang ibinibigay ng Komiteng Rehiyon ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Timog Katagalugan (KRTK) kay Josephine "Ka Sandy" Mendoza, kagawad ng Komite Sentral at ikalawang pangalawang kalihin ng KRTK na pumanaw dahil sa karamdaman noong Nobyembre 10. Namartir siya sa edad na 59 at matapos ang higit apat na dekadang paglilingkod sa rebolusyon.

"Dakila ang buhay ni Ka Sandy at puno ng pagpapakasakit para sa masa at rebolusyon. Habang panahon maitatatak ang kanyang ambag sa Partido at rebolusyon at ang partikular na bahagi nya sa pagsulong at pagpapasigla ng demokratikong kilusang masa sa rehiyong TK," pahayag ng KRTK.

Si Ka Sandy ay kilala rin bilang Victoria Mirayan na kanyang piniling pangalan sa loob ng Partido. Namulat siya sa panahon ng diktadurang US-Marcos I. Naging Kandidatong Kasapi siya ng Partido at sumapi sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) noong 1984. Makalipas ang dalawang taon, sumumpa siya bilang Ganap na Kasapi ng Partido. Naglingkod siya bilang istap sa propaganda-edukasyon at kalaunan bilang kagawad ng Komite ng Partido sa Isla ng Mindoro (KI), gumampan ng mahalagang tungkulin sa pagbubukas ng sonang gerilya sa Palawan, at naging instrumental sa pagpapasigla ng mga pakikibaka sa kalunsuran mula noong ikalawang hati ng dekada 1990 hanggang sa kanyang pagpanaw.

Nag-atas ang Kalihiman ng KRTK sa lahat ng mga organo ng Partido at yunit ng BHB na maglunsad ng mga parangal at pagsaludo kay Ka Sandy sa araw ng Nobyembre 30.

Bilang tugon, nagsagawa ng *21-gun salute* ang mga yunit ng Melito Glor Command - BHB Timog Katagalugan. Binasa sa mga aktibidad ng Pulang hukbo ang mga pahayag ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (KS), KRTK at mga lokal na komite ng Partido na nagpupugay kay Ka Sandy.






*Mga mensahe ng pagpupugay para kay Ka Sandy na isinulat ng mga kasapi ng Eduardo Dagli Command - BHB Batangas*

"Ano pa nga bang araw ang pinakamainam na okasyon para magbigay-pugay kay Ka Sandy kaysa sa ika-160 na Araw ni Bonifacio, ama ng rebolusyong Pilipino at dakilang bayani ng sambayanan? Sa araw na ito, ihanay natin ang pangalan at alaala ni Ka Sandy sa mga pangalan ng kapita-pitagang mga bayani at martir ng rebolusyong Pilipino, na walang pag-iimbot na nag-ukol ng kanilang talino, lakas, pawis at buong buhay sa pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya," pahayag ng KS.

Nagkaroon din ng mga kapihan parangal kung saan tinalakay at ibinahagi sa mga kasama ang buhay at pakikibaka ni Ka Sandy.

"Si Ka Sandy ay *alumnus* ng rebolusyonaryong kilusang masa ng Mindoro, *graduate with highest honors* na may dakilang ambag sa kilusang masa ng isla para sa pambansa-demokratikong adhikain na may sosyalistang perspektiba. Sa Isla ng Mindoro siya nagsimulang kumilos at nagsanay ng kanyang rebolusyonaryong praktika, naghubog bilang proletaryo, at nagpundar ng kanyang rebolusyonaryong pamilya," mula sa pahayag ng parangal ng Komite sa Isla ng Mindoro.

"Ang inyong kamatayan ay hindi kayang tumbasan ng kahit sinuman, at ang inyong alaala ay siyang patuloy na dadalhin ng mga naiwan upang lalong mapangahas tupdin ang inyong nasimulan sa landas ng rebolusyon. Habangbuhay naming aalalahanin at dadakilain ang inyong mga alaala at ipakikilala sa mga bagong anak ng rebolusyon. Mabuhay ang mga alaala ng mga martir ng sambayanang Pilipino!" nakasulat na mensahe ng isang kasapi ng Eduardo Dagli Command - BHB Batangas para kay Ka Sandy.

# Oslo Joint Statement ng NDFP at GRP, sinusuportahan ng mga rebolusyonaryong pwersa sa TK

Nagpahayag ng suporta ang iba't ibang rebolusyonaryong organisasyon sa Timog Katagalugan sa inilabas na Oslo Joint Statement (OJS) ng NDFP at GRP na naglalaman ng pagiging bukas ng dalawang panig sa panunumbalik ng usapang pangkapayapaan.

Inilabas ang OJS noong Nobyembre 23 matapos ang serye ng mga impormal na talakayan sa pagitan ng mga kinatawan ng NDFP at GRP at sa tulong ng Royal Norwegian Government.

"Ang OJS na parehong pinirmahan ng NDFP at GRP ay makabuluhan sa sarili nito at nagbubukas ng pinto para sa maraming potensyal at hinaharap sa paghahangad ng isang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan sa ating sariling bayan at para sa kapakanan ng ating mamamayan," mensahe ni Luis Jalandoni, miyembro ng NDFP National Executive Council.

Nakasaad sa OJS na, "Kinikilala ng mga partido ang malalim na sosyo-ekonomiko at pampulitikang mga hinaing at sumasang-ayon na bumuo ng isang balangkas na nagtatakda ng mga prayoridad para sa negosasyong pangkapayapaan na may layuning makamit ang magkakaugnay na mga repormang sosyo-ekonomiko at pampulitika tungo sa isang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan."

"Positibong bagay na kinilala sa Oslo Joint Statement na malalim na nakaugat ang armadong tunggalian sa daantaon nang sosyo-ekonomiko at pampulitikang suliranin ng bayan. Napapanahon para muling talakayin ang mga adyenda sa *peace talks* pangunahin ang Comprehensive Agreement on Socio-economic Reforms, na puso at laman ng negosasyon," ani Patnubay de Guia, tagapagsalita ng NDFP-Southern Tagalog.

Kinilala rin ng mga rebolusyonaryong pwersa ang pagsisikap ng kasalukuyang NDFP Negotiating Panel at Secretariat sa pagsusulong ng *peace talks*. "Buong-buo ang suporta ng rebolusyonaryong mamamayan sa TK sa NDFP Negotiating Panel at naninindigan itong tanging sila lamang ang karapat-dapat na kumatawan sa kilusang rebolusyonaryo sa Pilipinas sa *peace talks*," ani de Guia.

### Pagtatanggal sa mga balakid sa *peace talks*, ipinanawagan

Upang malikha ang mga kundisyon sa muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan, hinihingi ng rebolusyonaryong kilusan na tanggalin ang mga balakid na inilatag ng nakaraang rehimeng Duterte. Isa rito ang pagpapawalambisa sa deklarasyong terorista ang PKP-BHB-NDFP at pati ang bansag na terorista sa mga konsultant sa negosasyon.

Hinihingi rin ng NDFP ang walang kundisyong pagpapapalaya sa lahat ng bilanggong pulitikal. Bahagi nito ang agarang pagpapalaya sa 12 *peace consultants* na iligal na nakadetine hanggang ngayon upang magampanan nila ang mga tungkulin sa usapang pangkapayapaan. Isa rito ang NDFP-ST *consultant* na si Ernesto Lorenzo. Hinuli siya sa proseso ng pagpapabakuna sa Parañaque City noong Abril 11, 2022.

"Nararapat ding lansagin ang NTF-ELCAC na nangunguna sa walang patumanggang pang-aatake sa karapatan ng mamamayang nakikibaka, paninirang puri sa PKP-BHB-NDFP at kung gayon, lantarang hinahadlangan ang *peace talks*. Dapat ibasura ang ATA kasabay ng pagbuwag sa Anti-Terrorism Council," ani de Guia.

Paglilinaw ni Marco Valbuena, Chief Information Officer ng PKP, ang OJS ay "kalahating hakbang" pa lamang ng mahabang proseso na kailangang daanan bago muling magkaroon ng pormal na usapang pangkapayapaan.

Dagdag ni Valbuena,"Mayroong usapang pangkapayapaan dahil mayroong gera. Ang NDFP at GRP ay kumakatawan sa dalawang panig *(co-belligerent)* ng digmang sibil sa Pilipinas… Para hawanin ang landas sa negosasyong pangkapayapaan, nasa balikat ni Marcos ang natatanging responsibilidad na walisin ang mga tinik at tilos na inilatag noong panahon ni Duterte na nagkalat dito." K

---

*Mula sa pahina 8, Pinakamataas na pagpupugay...*

"Si Ka Sandy ay isang huwaran at natatanging proletaryadong komunista na kailanman ay hindi magmamaliw ang alaala sa bawat mamamayan, kasapi ng Partido at Hukbong Bayan sa mga larangan ng Timog Quezon, Bondoc Peninsula hanggang sa mga hangganan ng lalawigan ng Quezon at rehiyong Bicol. Kahit sa pinakamadidilim na yugto ng pakikibaka sa probinsya ay kabahagi namin si Ka Sandy na nagsisilbing liwanag sa aming pagkilos," pahayag ng Komite ng Partido sa Quezon at Apolonio Mendoza Command - BHB Quezon.

Idinaos naman sa kalunsuran ang isang gabi ng pag-alaala sa kasaysayan ng pakikibakang masa sa TK upang bigyang parangal si Ka Sandy na isa sa mga susing pinuno ng kilusang masa sa rehiyon. Ginunita ng mga kasama ang dakilang buhay ni Ka Sandy sa pamamagitan ng mga tula, awit, sayaw at mga awdyo-biswal na presentasyon. Dinaluhan ito ng humigit kumulang 250 demokratiko at rebolusyonaryong pwersa mula sa iba't ibang uri at sektor sa kalunsuran. K

# Limang martir ng BHB-Mindoro, pinarangalan

Taas-kamaong nagpupugay ang Lucio de Guzman Command (LdGC)-BHB Mindoro kasama ang rebolusyonaryong mamamayan ng isla at buong TK sa limang Pulang mandirigma na namartir nitong Nobyembre sa Oriental Mindoro. Ang mga bagong bayani ng Mindoro ay sina: Jethro Isaac "Ka Bundo/Pascual" Ferrer, Peter "Ka Tagub/Rochie" Rivera, Kure "Ka MC/Teng/NY" Lukmay, Abegail "Ka Laura/Esang" Bartolome at Jovit "Ka Adja/Yam-ay" Almoguera.

Dalawa sa lima ang pataksil na pinatay ng pasistang 203rd Brigade habang ang tatlo ay nasawi sa magkasunod na engkwentro.

Labag sa internasyunal na makataong batas na pinahirapan bago patayin sina Ka Bundo at Ka Tagub. Dinakip sila ng militar sa Sityo Layang-layang, Brgy. Malamig, Gloria noong Nobyembre 13 habang nasa dalaw sa kanyang pamilya ang isang pulang mandirigma na si Ka Jasel. Si Ka Jasel ay hawak ng militar at hindi pa rin inililitaw ng 203rd Brigade hanggang ngayon.

Upang pagtakpan ang krimen, nag-imbento ng kwento ang 203rd Brigade sa pangunguna ni Brig. Gen. Randolph Cabangbang na namatay sina Ka Bundo at Ka Tagub sa isang engkwentro. Aniya, nakakumpiska umano ang militar ng dalawang riple mula sa mga kasama. Subalit ayon sa LdGC, walang palitan ng putok na narinig sa lugar at isang riple lamang ang dala ng mga Pulang mandirigma. Nakita rin ang mga marka ng *tape* sa paa ng labi ni Ka Bundo, palatandaan na ginapos siya't tinortyur.

Namartir naman sina Ka MC, Ka Esang at Ka Adja sa magkasunod na labanan noong Nobyembre 19 sa Sityo Tugas, Brgy. Sabang, Pinamalayan. Nabuwal sila habang magiting na lumalaban sa umaatakeng pwersa ng 76th IBPA.

Sina Ka Bundo, Ka Tagub, Ka MC, Ka Esang at Ka Adja ay ginawaran ng Komite ng Partido sa Isla ng Mindoro (KI) ng pinakamataas na pagpupugay. "Silang lima (5) ang mga bagong rebolusyonaryong bayani ng Mindoro at ng sambayanang Pilipino at mga tunay na inapo ni Gat Andres Bonifacio sa kanilang pag-aalay ng kanilang buhay sa dakilang layunin na pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon na may sosyalistang hinaharap," pahayag ng KI.

"Sa kamay ng pasistang kaaway, hindi isinuko nina Ka Bundo at Ka Tagub ang kanilang paninindigan at mas piniling mamatay kaysa magpagamit sa kaaway. Kahanga-hanga silang mga kasama at ikinararangal ng bawat Pulang mandirigma," dagdag ni Armando Cienfuego, tagapagsalita ng Melito Glor Command - BHB Timog Katagalugan (MGC-BHB-TK).

Makulay at puno ng inspirasyon ang buhay ng limang martir. Sina Ka Bundo at Ka Esang ay mula sa kilusang kabataang estudyante at parehong naging istap ng rehiyon sa loob ng signipikanteng panahon ng kanilang pagkilos. Si Ka Bundo ay naging bahagi ng istap sa edukasyon-propaganda-kultura habang si Ka Esang ay dating istap sa paniktik, tauhan at pagsasanay ng MGC.

Sina Ka MC at Ka Tagub ay mga Mangyan-Hanunuo na nahubog sa loob ng BHB hanggang naging mahuhusay na Pulang kumander. Mula sa uring magsasaka at Tubong Naujan, Oriental Mindoro si Ka Adja na nagpultaym noong kasagsagan ng Oplan Habol Tamaraw. Lahat sila'y humarap sa mga krisis sa pagkilos tulad ng pagkamatay ng kanilang mahal sa buhay at pagkatalo sa mga labanan subalit pinangibabawan nila ang mga ito at nagpatuloy sa pagrerebolusyon hanggang sa kanilang huling hininga.

"Pumanaw man ang mga naging martir na kasama, hindi nito masusupil ang paghahangad ng bayan para sa tunay na kalayaan at demokrasya. Hinahamon nito ang sarili nating kapasyahan na tulad nila, ilaan ang ating talino, lakas, panahon at kakayahan hanggang sa pinakamataas na pag-aambag ng buhay para sa layuning mas dakila at marangal kaysa sa ating sarili," mensahe ng KI.

Nagsagawa ng *21-gun salute* at pulong parangal ang mga yunit ng LdGC at organo ng Partido kasama ang masang Mindoreño upang gunitain ang buhay at pakikibaka ng limang martir. Nag-alay ang mga dumalo ng mga awit, tula at mensahe ng pagpupugay. K



## Dalawang bats ng pagsasanay militar, inilunsad sa TK

Inilunsad sa Timog Katagalugan ang dalawang magkasunod na bats ng mga pagsasanay militar nitong Nobyembre. Inilugar ang pagsasanay sa gitna ng *focused military operations* ng AFP-PNP sa mga larangan sa rehiyon.

Dalawang iskwad ng mga Pulang mandirigma ang napatapos. Ayon kay Ka Guillen, upisyal pampulitika ng isa sa mga yunit, "Tagumpay ang ating pagsasanay sa kabila ng matinding operasyon ng kaaway. Itinaas natin ang kapasidad at kapasyahan ng mga Pulang mandirigma para labanan at bigwasan ang palalong kaaway."

Kinuha sa pagsasanay ang mga batayang taktika at teknika sa indibidwal na paglaban (ICT), pamilyarisasyon sa mga hawak na sandata hanggang aktwal na pagpapaputok ng mga baril. Nagsanay ang mga sekundaryo at pangunahing opisyal sa pagkukumand.

Sa pangunguna ng mga opisyal, tiniyak ang organisadong pagkilos sa pamamagitan ng mga maniobra kapwa sa opensiba at depensibang labanan. Nakamit din ang pagpapataas ng antas ng lakas at resistensya ng bawat mandirigma sa pamamagitan ng arawang ehersisyo.

Tumagal ng isang linggo hanggang 10 araw ang mga pagsasanay. Nilahukan ito ng mga pangunahin at segundaryong upisyal ng BHB, mga mandirigma, pati ng Milisyang Bayan.

Ayon kay Ka Noe, kabataang MB na sumanib sa BHB, "Ikinatuwa kong nakalahok ako sa treying para masanay at maihanda ang aking katawan at isip sa digma. Pursigido rin akong isulong ang armadong pakikibaka sa ating bayan."

Ang pagsasanay ay higit na nagpatibay sa tulungan at samahan *(camaraderie)* ng bawat kasapi ng yunit ng BHB. Pagtatapos ni Ka Guillen, "Nakatitiyak tayong higit na mapapagtibay ang ating pagkakaisa habang koordinado tayong humahakbang pasulong sa ating pakikibaka." K

## Mga bagong praymer mula sa NDFP-ST at KARED-TK, inilabas

Dalawang napapanahong babasahin—ang SAKUNA at INDEKS Praymer sa Reaksyunaryong Eleksyong 2022—ang inilabas ngayong buwan upang gabayan ang mamamayan sa pagtalakay at pagsusuri sa dalawang mahahalaga't maiinit na isyu ng bayan.







Ang SAKUNA: Pasakit ng Imperyalismong US at Naghaharing Uri sa Timog Katagalugan ay isang *photobook* o koleksyon ng mga litratong naglalahad ng mga kalamidad at sakuna sa rehiyon at epekto nito sa mamamayan. Inilathala ito ng NDFP-ST at KARED-TK upang magsilbing materyales sa pagmumulat sa masa sa tunay na ugat at kadahilanan ng mga sakunang ito at singilin at papanagutin ang estado at mga imperyalista sa mga krimen nila sa sangkatauhan sa ngalan ng kanilang tubô.

"Bagama't karaniwan nang daanan ng kalamidad ang Pilipinas, mauugat ang pagtindi ng mga kalamidad sa tuluy-tuloy na pagkakalbo ng mga kagubatang winasak ng malawakang pamumutol ng puno mula dekada 1950, sa kasagsagan ng pananalasa ng mga *logging concessionaire* at pagsisimula ng mga operasyon ng mina. Pinakamatitindi ang tama—malakihan at malawakang pagbaha, pagguho ng mga lupang sakahan at mga komunidad sa mga lugar kung saan pinaka-nanalasa ang mga ito—sa Timog at Hilagang Luzon, ilang bahagi ng Visayas at sa Mindanao," ayon sa pambungad ng SAKUNA.

Pinaksa naman sa INDEKS Praymer ang mga bagong nabunyag hinggil sa dinayang eleksyong 2022. Pinamagatan itong Reaksyunaryong Eleksyong 2022: Marumi, madaya at anti-demokratiko.

"Kagyat at napapanahong mailantad sa sambayanang Pilipino ang malilinaw na batayan ng pagiging ilehitimo ng kasalukuyang rehimeng US-Marcos-Duterte. Pinatutunayan

ng praymer na ito na iligal at walang bisa ang pagkapanalo nina Marcos Jr. at Sara Duterte mula sa masusing pag-aaral sa mga nabunyag na anomalya at ebidensya ng pandaraya gamit ang *automated* na sistema ng eleksyon," bilang pambungad ng KARED-TK.

Hinihikayat ang lahat ng mga demokratiko't rebolusyonaryong pwersa na basahin, pag-aralan at ipalaganap ang dalawang bagong publikasyon. Gawin ang mga ito na pangunahing sanggunian sa mga talakayang publiko, pulong masa, grupong talakayan at mga pag-aaral hinggil sa mga nasabing isyu't suliranin. Inaasahang magbubunga ng ibayong pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa malawak na masa ang mga naturang babasahin.

Maaaring humingi ng kopya ng mga ito mula sa pinakamalapit na yunit ng BHB at Partido. Pwede rin itong i-*download* mula sa *website* ng Philippine Revolution Web Central (philippinerevolution.nu) at Southern Tagalog Revolutionary Web Portal. K

*KULTURA*

# Ang iniwang talinhaga ng aking rebolusyonaryong ina

*ni Ka Hiraya*

**"Nay, kailan tayo magkakasama-sama?" Ito ang parating tanong ng aking kabataan. "Kapag pumuti na ang uwak." Ito ang laging sambit ni Nanay habang nakangiti. "Kailan puputi ang uwak?" tanong kong muli. "Matagal pa, pero gagawin natin ang ating makakakaya para mapabilis."**

Sa murang edad ipinaunawa na ni Nanay na kami ay nabubuhay sa di ordinaryong sitwasyon. Sa mga sandaling dadalaw si Nanay, alam kong aalis din sya agad. Ang aming pagkikita ay laging may kaakibat na pamamaalam.

Ipinaunawa ni Nanay sa kanyang bawat sulat at pangaral na sya ay bahagi ng isang mas malalim na layunin. Si Nanay ay di lamang sa akin. Sya ay una sa lahat para sa bayan.

Iba ang saya at sigla ni Nanay sa kanyang mga kwento kasama ang mga katutubo, magsasaka at manggagawa. Ang kanyang hele ay awit ng pakikibaka. Ang aming ABAKADA ay MKLRP. Ang kanyang maikling kwento ay tungkol sa pagbaliktad ng tatsulok, sa matandang hangal na nagpatag ng dalawang bundok, at kung paano ang masa ang tunay na tagapaglikha ng kasaysayan.

Aking napagtanto na rebolusyon ang buhay na pinili ni Nanay.



"Anak, konting tiis na lang, magwawagi rin ang ating pakikibaka at lalaya ang inaapi."

Sa mata ng isang bata ano ba ang rebolusyon? Ito ay kaluskos ng sanga at dahon ng mga puno sa gitna ng gubat. Ito ay paglalakad sa gitna ng gabi sa ilalim lamang ng liwanag ng buwan. Ito ay ang masiglang tawanan sa kusina ng sonang gerilya. Ito ay ngiti ng bawat kasama na aming nakakadaupang palad. Ito ay pagkalinga ng bawat masa.

Sa paglipas ng panahon at mga taon mas lalo ring lumalim at lumawak ang pag-unawa ko rito. Ito ay pagyakap sa buhay ng sakripisyo at puspusang pakikibaka. Sa aking karanasan, masasabi kong ang mga katagang ito ay nananalaytay sa bawat himaymay ng pagkatao ng aking ina.

Sa maraming yugto ng pagkilos ng aking ina, kakambal ang kanyang mga piniling pangalan, buong lakas at tatag nyang ginampanan ang bawat gawain at atas. Masikhay sa pag-iisip ng mga ideya na makakapukaw sa damdamin ng masa, masiglang pag-abot sa lahat ng antas upang mas mailapit ang rebolusyonaryong teorya sa lugar na kanyang kinikilusan, at mapanghamig sa mga pwersa at alyado tungo sa isang malawak na pagkakaisa.

Buong buhay ng aking ina ay ibinigay nya sa paglilingkod sa masang api at pinagsasamantalahan. Buong lakas ng aking ina ay inialay nya sa pag-ambag sa layunin ng kilusan. Buong puso ng aking ina ay itinibok nya sa ngalan ng rebolusyon.

Kaakibat ng kanyang pagiging mabuting rebolusyonaryo ay ang kanyang pagiging mabuting ina. Walang kataga ang makakatumbas sa lalim at lawak ng pagmamahal niya. Labis-labis at higit sa walang hanggan. Ang pinakadalisay na bahagi ng kanyang pagiging ina ay ang kanyang pagiging rebolusyonaryo.

Bilang isang anak, hindi ko mailarawan ang pagdadalamhati na aking nararamdaman. Ngunit kasabay nito ang walang hanggang pagdakila at pagpupugay na nais kong ibigay kay Kasamang Victoria Mirayan, ang kanyang opisyal na pangalan sa Partido na higit na kilala ng masa at mga kasama sa kanyang iba't ibang pangalan sa pakikibaka bilang Sandy, Luisa o Marta.

Ayon sa kwento ng mga nakapaligid sa kanya, bago sya mawalan ng malay ay mga kasama ang nasa isip nya. Hanggang sa huli ang aking ina ay gumagampan ng kanyang gawain. Bagamat nasa kritikal na kundisyon, ang aking ina ay una at higit sa lahat, isang rebolusyonaryo. Hanggang sa huling pintig ng kanyang puso, sya ay lumalaban.

Ikinararangal ko na si Ka Sandy ay dakilang martir at bayani ng rebolusyon. Ikinararangal ko na si Ka Sandy ay ang aking Ina. Ang kanyang pagkawala ay mag-iiwan ng di masusukat na puwang at marka sa ating mga puso.

Marahil ang mga salitang "kapag pumuti na ang uwak" ay kanyang talinhaga sa "kapag lumaya na ang lipunan".

Mga kasama, gawin natin ang ating puspusang makakaya upang "pumuti na ang uwak". Ibaling ang ating pagdadalamhati sa isang rebolusyonaryong agos. Sa oras ng paglaya, katagpuin natin ang ating mga martir at dakilain ang kanilang buhay at sakripisyo.

Mahal na mahal kita Nanay. Ikaw ang buong puso ko. Hanggang sa muli nating pagkikita. K